# Magpasunuran kayo ng ḥajj at `umrah sapagkat ang dalawang ito ay nag-aalis ng karalitaan at mga pagkakasala kung paanong nag-aalis ang bubulusan ng latak ng bakal, ginto, at pilak. Ang ḥajj na tinanggap ay walang gantimpala kundi ang Paraiso."}

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Magpasunuran kayo ng ḥajj at `umrah sapagkat ang dalawang ito ay nag-aalis ng karalitaan at mga pagkakasala kung paanong nag-aalis ang bubulusan ng latak ng bakal, ginto, at pilak. Ang ḥajj na tinanggap ay walang gantimpala kundi ang Paraiso."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, at Imām Aḥmad]

Humimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagpapalapit sa pagitan ng pagganap ng mga gawaing pagsamba ng ḥajj at mga gawaing pagsamba ng `umrah at hindi pagkaputol ng pagganap sa dalawang ito ayon sa kakayahan dahil ang pagganap sa dalawang ito ay isang kadahilanan sa pag-aalis ng karalitaan at mga pagkakasala at bakas ng mga ito sa puso kung paano na ang pag-ihip ng apoy ay isang kadahilanan sa pag-aalis ng karumihan ng bakal at anumang humahalo rito na mga metal na hindi bahagi nito.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee